8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin

6

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 4: Linggo 6**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Arlene Joy T. Jacob

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKAAPAT NA KUWARTER, IKAANIM NA LINGGO, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga adhikain at kontribusyon upang matugunan ang mga isyung kinakaharap ng daigdig. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng pananaliksik na nakapagtataya sa mga napapanahong isyu at usapin sa sariling komunidad na nagpapakita ng pagtugon bilang mapanagutang mamamayan ng bansa at daigdig. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nasusuri ang mga isyung pampolitika, pangkabuhayan, at pangkalikasang kinakaharap ng daigdig.<br>1.Natutukoy ang epekto ng climate change sa kapaligiran, llipunan at kabuhayan ng tao sa bansa at sa buong mundo.<br>2.Natatalakay ang iba't ibang programa, polisiya at patakaran ng pamahalaan at ng iba't ibang samahan tungkol sa climate change.<br>3.Nakagagawa ng mga hakbang sa pamamagitan ng video presentation tungkol sa mga paraan na makatutulong upang maiwasan ang climate change. |
| **C. Nilalaman** | C. Mga Isyung Pampolitika, Pangkabuhayan, at Pangkalikasan<br>1. Climate Change |
| **D. Integrasyon** | Panahon, Pagpapatuloy at pagbabago |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Climate Change. (n.d.). https://science.nasa.gov/climate-change/what-is-climate-change/.<br>UNCC. (n.d.). https://unfccc.int/process-and-meetings/what-is-the-united-nations-framework-convention-on-climate-change. |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**PAGBUO NG KONSEPTO:** Bumuo ng konsepto gamit ang mga salita na nasa ibaba base sa nakaraang aralin.<br>Estados Unidos<br>2007-2008<br>Pagtaas ng interes<br>Domino effect<br>Institusyong pampinansyal | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ang *climate change* ay isa sa mga isyung pangkapaligiran na kinakaharap ng buong mundo. Ito ay pagbabago bunga ng mga natural na proseso ng ating kapaligiran at pati na rin ang mga epekto ng mga gawain ng tao.Tatalakayin natin sa araling ito ang mga sanhi, epekto at mga polisiya at mga batas sa pagkontrol ng *climate change.*<br>Climate Change and Global Warming: Explained in Simple Words for Beginners (youtube.com) | MGA SAGOT<br>1.Klima<br>2. Greenhouse gasses<br>3. Global warming<br>4.Atmosphere |


Pamprosesong Tanong:

1.Bakit mahalagang pag-aralan ang climate change?

2.Ano ang mga naging dahilan bakit dumating ang pagbabago sa ating klima?

2. **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**WORD CLOUD:** Piliin ang ulap na nagpapaliwanag sa bawat kahulugan na nasa ibaba.




1.Ito ay tumutukoy sa pangkalahatang kalagayan ng panahon sa isang partikular na lugar sa loob ng mahabang panahon.

2.Ito ay gas na nakapagpapainit sa daigdig tulad ng carbon dioxide, methane, nitrous oxide at marami pang iba.

3.Ito ay proseso ng pagtaas ng temperature ng atmospera ng daigdig dahil sa mas mataas na konsentrasyon ng greenhouse gasses.

| | | |
|---|---|---|
| | 4.Ito ay tumutukoy sa mga gas na nakabalot sa daigdig.Ito ay binubuo ng iba't ibang layer na may iba't ibang katangian at komposisyon ng gas. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa : Climate Change**<br><br>Ayon sa United Nations Framework on Climate Change (UNFCC), ang climate change ay ang pagbabago sa klima bunga ng mga natural na dahilan at mga aktibidad ng tao na nakapagdudulot ng pagbabago sa komposisyon ng kalawakan.<br><br>**SANHI NG CLIMATE CHANGE**<br><br>Ayon sa mga *climatologist* dalawa ang sanhi ng climate change, una ay ang natural na pagbabago ng klima dala ng epekto ng araw sa mundo at ikalawa ay ang init na mula sa ilalim ng lupa o epekto ng mga gawain ng mga tao.<br><br>*Mga Greenhouse Gasses ( water vapor, carbon monoxide, carbon dioxide, chlorofluorocarbons, methane at nitrous oxide)<br><br>*Paggamit ng mga kemikal na nakasisira sa ating atmosphere.<br><br>*Patuloy na pagpuputol ng mga puno.<br><br>*Ilegal at labis na pagmimina at quarrying.<br><br>*Maling paraa ng pagsasaka, pangingisda at paghahayupan.<br><br>*Malawakang paggamit ng teknolohiya.<br><br>*Maling pagtatapon ng basura.<br><br>**EPEKTO NG CLIMATE CHANGE**<br><br>1. Pagkakaroon ng iba't ibang uri ng sakit.<br>2. Pagkasira ng mga likas na yaman.<br>3. Pagkakaroon ng matitinding kalamidad.<br>4. Suliranin sa pagkain at tubig. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **MGA BATAS, PROGRAMA AT POLISIYA SA PAGKONTROL NG CLIMATE CHANGE**<br><br>***Philippine Agenda 21**<br><br>***Batas Republika Blng.9147 (Wildlife Resources- Conservation and Protection Act)**<br><br>***PD 1067 (Water Code of the Philippines)**<br><br>*Batas Republika Blng. 8749 (Philippine Clean Air Act of 1999)<br><br>*Batas Republika Blng. 9003 ( Ecological Solid Waste Management Act of 2000)<br><br>*Batas Republika Blng.6969 (Toxic Substances and Hazardous Wastes of 1990)<br><br>*Batas Republika Blng. 9729 (Climate change Act of 2009)<br><br><br>**IKALAWANG ARAW**<br><br>**1.Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**ANO ANG MASASABI MO?:** Sagutin ang mga sumsunod na katanungan matapos pag aralan ang tungkol sa climate change.<br><br>1.Ano ang dulot ng climate change sa ating:<br><br>*kapaligiran<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>*ekonomiya<br><br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>2.Paano makakatulong sa paglutas ng climate change ang mga:<br><br>*mamamayan | |

| | | |
|---|---|---|
| | ____________________________________<br>____________________________________<br><br>Pamahalaang Pambansa<br><br>____________________________________<br>____________________________________<br><br>Pandaigdigang Samahan<br><br>____________________________________<br>____________________________________<br><br>**2.Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**SPOKEN POETRY:** Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Gumawa ng tula tungkol sa tamang pangangalaga natin sa kalikasan. Ito ay bibigkasin sa klase.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**3.Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**SINE MO TO:** Hahatiin ang klase sa limang grupo at magpapakita ng maiksing skit tungkol sa mga pamamaraan upang makatulong sa paglutas sa climate change.Bibigyan ang mga mag-aaral ng 20 minuto upang maghanda at ipapakita ito ng bawat grupo sa loob ng klase. | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**PANGATWIRANAN:** Bigyang paliwanag ang sumusunod na tanong. Magbigay ng mga konkretong halimbawa sa pagsagot. Isulat ito sa *colored paper.*<br><br>Bakit maituturing na mahalagang usapin ang climate change?<br><br>Bilang kabataan, magbigay ka ng iba pang suliraning pangkapaligiran at ang mga maaari mong gawin upang malutas o mabawasan ang suliraning ito.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**PAGHIHIMAY NG IMPORMASYON:** Pumili ng isang ahensya ng pamahalaan at alamin ang tungkulin nito sa Climate change. Ibahagi sa klase ang iyong napiling ahensya. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit:** Lagyan ng tsek (✔) kung tama ang pahayag.Kung ito ay mali, palitan ang salitang may salungguhit para maging tama ang pahayag.<br><br>______1. Ang pagdami ng *greenhouse gasses* ang natatangi at <u>nag-iisang</u> sanhi ng pagbabago ng klima sa mundo.<br>______2.Habang tumataas ang temperature sa daigdig, <u>nababawasan</u> ang mga sakit ng tao.<br>______3.Maging ang mga <u>hayop</u> ay naaapektuhan sa nagbabagong klima ng | MGA SAGOT<br><br>1.hindi nag-iisa<br><br>2. nadadagdagan<br><br>3. ✔<br><br>4. ✔ |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">mundo.<br>______4.Nagkaroon ng modernong teknolohiya sa agrikultura bunsod ng suliranin sa nagbabagong klima.<br>______5.Ang paggamit ng gasoline ay nakapagpapalala ng suliranin ng pag-init ng mundo o global warming.<br>______6.Aktibong tinutugunan ng mga pinuno ng Pilipinas ang isyu sa climate change.<br>______7.Naglunsad ng mga programa ang pamahalaan upang matugunan ang isyu ng climate change.<br>______8.Ang mga hayop at halaman sa mainit na bahagi ng daigdig ay mawawalan ng tahanan sa susunod na daang taon.<br>______9.Hindi nararamdaman ng maraming Pilipino ang tuwirang sanhi sa kanilang buhay ng climate change.<br>_____10.Ang United Nations ang nangunguna sa paglulunsad ng mga programa at polisiya upang matugunan ang isyu ng climate change.<br><br>II. Ipaliwanag sa sariling pangungusap.<br><br>Bakit kailangang pag-usapan at pag-aralan ang suliranin sa Climate change? (10 puntos)<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>1.Ano ang globalisasyon?<br><br>2.Ibigay ang mga anyo ng globalisasyon.<br><br>Sanggunian:<br><br>Globalization. (n.d.).<br>https://education.nationalgeographic.org/resource/globalization/.</td>
<td>5. ✔<br>6. ✔<br>7. ✔<br>8. ✔<br>9.epekto<br>10. ✔</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | *obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.* |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | *Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |